

PAG-ADAPT SA PAGBABAGO NG KLIMA AT PANGANGASIWA SA PELIGRO NG BUSHFIRE SA VICTORIA

Isang bukas na sulat mula kay Chris Hardman, Chief Fire Officer, Pangangasiwa ng Sunog sa Kagubatan ng Victoria [Forest Fire Management Victoria].

Bilang Chief Fire Officer para sa Forest Fire Management Victoria (FFMVic), tungkulin ko na panatilihin ligtas ang komunidad at kapaligiran mula sa peligro ng bushfire. Higit kailanman, ang pagbabago ng klima at ang epekto nito sa aming trabaho ang nangunguna sa aming isip, pagpapalano at mga operasyon.

Ang pinakabagong ulat ng Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC) ay napapanahong paalaala na mayroon tayong kinahaharap na laban sa ating mga kamay.

Nakatira tayo sa mga rehiyon sa mundo kung saan madaling magkaroon ng bushfire, at habang ang bushfire ay palaging kaakibat sa Victoria – ang pagbabago ng klima ay ang nagdudulot sa paglala ng bushfire.

Sa nakaraang 50 taon nakita natin ang 170% na pagtaas ng mga bushfire, 20% na pagbaba ng ulan sa tagsibol at 40% na pagtaas nga mga araw na may mataas na panganib ng apoy Ito ay tumataas pa ng triple sa ilang mga bahagi ng Victoria sa katapusan ng siglo ayon sa pananaliksik na kamakailang inilathala sa *International Journal of Wildland Fire [Pang-internasyonal na Pahayagan ng Sunog sa Kagubatan]*.

Bawat taon, mayroon tayong mahigit sa 1,000 mga bushfire sa Victoria at nagsisimula sa mga kagubatan ang 90% ng mga ito, na nagpapahiwatig ng mahalagang tungkulin ng Pangangasiwa ng Sunog sa Kagubatan ng Victoria.

Nakikipagtulungan kami sa mga komunidad, ang Country Fire Authority (CFA) at Fire Rescure Victoria (FRV) para maghanap ng bagong mga paraan sa pamamahala ng peligro ng bushfire:

- Ang mas kaunting ‘uliran’ na mga araw para sa nakaplanong pagsunog, ay nangangahulugan ng isang hakbang mula sa panapanahong pagsunog sa isang buong-taon na diskarte
- Kung saan hindi posible ang nakaplanong pagsunog, dahil sa katangian o lokasyon, gumagamit kami ng mekanikal na mga pamamaraan, tulad ng pag-mulch, pagtagpas at paggapas ng mga halaman
- Ang mas tumpak na pagsunog sa kalapit ng mga pamayanan ay nagpoprotekta ng mga tahanan, imbakan ng tubig, suplay ng kuryente, paaralan, ospital at mga ruta ng transportasyon
- Ang pagbuo ng higit na madiskarteng mga maagang pag-aalis ng mga halaman na maaring tupukin ng apoy (fuel breaks) – makakatulong sa atin ang mga literal na pangpigil na makakatulong sa atin upang mapigilan ang pagkalat at pagliyab ng apoy
- Pataasin ang mabilis na kakayahan sa unang pagtugon ay tumutulong sa atin na mabilis na maapula ang apoy bago ito kumalat. Sa huling panahon ng bushfire napigilan ang 95% ng lahat ng sunog sa unang pag-atake at 97% ang nailigtas sa loob ng limang ektarya
- Ang paggamit ng agham at pagmomodelo ay tumutulong sa atin na magplano kung saan at paano magsagawa ng mga aktibidad sa pamamahala ng peligro sa bushfire. Ang pagmomodelo ng mga senaryo ng panahon at sunog ay tumutulong sa atin na maunawaan kung paano tumutugon ang sunog sa ilang mga lokasyon at kundisyon ng panahon at kung paano patigilin o pabagalin ang mga sunog na ito

- Ang malalaking sukat na cool at mosaic (patch) na pagsunog ay binabawasan ang laki, epekto at tindi ng mga sunog sa kagubatan na nagpapahintulot sa atin na tumugon at pigilan ang mga ito bago sila maging dambuhalang sunog
- Pinahahalagahan namin ang kaalaman at karanasan ng mga Unang Tao ng Victoria sa pamumuhay na may apoy. Sinusuportahan at pinapagana namin ang Tradisyunal na Nagmamay-aro na pangunahan ang kultura sa mga kasanayan sa sunogpara sa pagpapagaling at mas malusog na Bansa.

Alamin ang higit pa: www.ffm.vic.gov.au/bushfire-management-facts o samahan ako sa pagtalakay ng lahat ng mga bagay sa pagbabago ng klima at peligro na dulot ng bushfire: <https://bit.ly/fireexperts>